## Mga Pamilya at Mga Bata




### Pagpapatibay ng Pamilya

Ang pamilya ang bumubuo ng lipunan. Ang mga bata ang ating kinabukasan. Kailangan nating pagyamanin ang isang mapagkalingang kapaligiran kung saan ang hangarin ng mga indibiduwal na bumuo at magtaguyod ng pamilya ay magkaroon hangga't maaari ng katuparan.

Anu-ano ang mabisang hakbang para matulungan ang mga tao na bumuo at itaguyod ang pamilya? Paano tutugunan ng mga taxpayers, employers at employees ang halaga ng mga ganitong mga hakbang?

Paano tutulungan ang mga batang pares na pagtagumpayan ang mga pangunahing hadlang tulad ng abot-kayang pabahay, edukasyon at pangangalaga ng bata?




## Mga Oportunidad sa isang Tumatandang Lipunan



### Aktibong Pagtanda

Ang matatanda ang ating mahalagang pag-aari. Dapat tayong bumuo ng isang kapaligiran na hindi tumitingin sa edad, kumakandili sa aktibong pagtanda upang sa ganoon ay makayanan nilang patuloy na makatulong sa komunidad.

### Palengke ng Pilak na Buhok

Ang matatanda sa hinaharap na henerasyon ay mga mamimili na may mas mataas na kapangyarihan sa pagbili. Ang tumatandang lipunan ay nagbibigay ng maraming mga oportunidad sa negosyo.

### Pagreretiro sa Mainland

Ang ating malapit na ugnayan sa Mainland ay nagbubukas ng pagkakataon sa ating matatanda na piliing magretiro sa Mainland partikular na sa Guangdong Province para tamasahin ang buhay sa mas malawak na kapaligiran.

Ano ang mahahalagang bagay na dapat paghusayin para makabuo ng isang kapaligiran na walang pinipiling edad at tutulong sa matatanda upang sila ay manatiling aktibo?

Paano natin hihikayatin at pangangasiwaan na gumawa ng boluntaryong serbisyo ang mga matatanda?

Anong uri ng produkto at serbisyo na angkop sa matatanda ang nais mong makita sa palengke. Paano pangangasiwaan ang pagunlad ng palengke ng pilak na buhok?

Anong suporta sa mga panukala ang kinakailangan para pangasiwaan ang pagreretiro ng matatanda sa Mainland.

# 集思港益

## Mga saloobin para sa Hong Kong

人口政策公眾參與活動
Patakaran para sa Pampublikong Pakikipag-ugnayan Ukol sa Populasyon

Paano upang kumalap nang higit pa talento upang mapalakas ang competitiveness?

Paano upang hikayatin ang mga batang mag-asawa upang magsimula ng isang pamilya? Paano upang makatulong sa mga matatanda mga tao upang manatili aktibo at masiyahan sa buhay?

Paano upang gumawa ng pinakamahusay na paggamit ng mga lokal na tao at mga mapagkukunan ng tulong sa lahat ng tao ay nauunawaan ang kanilang mga potensyal na?



## Ipadala ang inyong pananaw bago mag-23 ng Pebrero 2014


Email: views@hkpopulation.gov.hk
Telepono: 3142 2041
Website: www.hkpopulation.gov.hk
Facebook: www.facebook.com/groups/Thoughts4HK
Tirahan: Secretariat of the Steering Committee on Population Policy, 26/F, Central Government Offices, 2Tim Mei Avenue, Tamar, Hong Kong



Secretariat of the Steering Committee on Population Policy
Chief Secretary for Administration's Office

## Mga Demograpikong Hamon

### Ang Hong Kong ay mabilis na tumatanda

Sa 2041, malapit na sa 1 sa bawa't 3 sa atin ay mageedad 65 o pataas. Ang puwersa sa paggawa ay bababa simula sa 2018. Ang lumiliit na puwersa sa paggawa ay magpapabagal sa pagunlad ng ekonomiya at magkakaroon ng salungat na epekto sa ating pagkakataon na magtrabaho at sa antas ng pamumuhay. Pipigain din nito ang base ng buwis habang tumataas ang pampublikong gastusin para matugunan ang pangangailangan ng tumatandang populasyon.

| | 1981 | 2012 | 2041 |
|---|---|---|---|
| Bumababang sukatan sa pagbubuntis<br>Bilang ng mga buhay na pinapanganak kada isang babae | 1.9 | 1.3 | 1.2 |
| Mas mahabang buhay pag-asa<br>Buhay pag-asa sa panganganak (Lalaki/Babae) | 72.3<br>78.5 | 80.7<br>86.4 | 84.4<br>90.8 |
| Mabilis na tumatandang populasyon<br>Proporsyon ng matatanda | 7% | 14% | 32% |
| Tumataas na proporsyon ng buhayin<br>Bilang ng bata at matatanda na buhayin sa bawa't 100 taong nagtatrabaho | 45.8 | 35.5 | 71.2 |
| Lumiliit na puwersa sa paggawa<br>Proporsyon ng mga tao edad 15 o pataas na nagtatrabaho o naghahanap ng trabaho | 66.7% | 58.8% | 49.5% |

### Ang Ating Populasyon ay Puno ng Sari-saring Uri

Mga bagong dating mula sa Mainland, mga taong may kapansanan at mula sa etnikong minorya ang ating mga pamilya at kapitbahay na nakikibahagi sa isang komunidad. Kailangan nating pagyamanin ang isang kapaligiran na may pagkakaisa at pagsasamahan kung saan ang bawa't tao ay matatanto ang kanilang kakayahan anuman ang kanilang karanasan at kulay.

**Upang maisagawa ang mga hamon, kailangan tayong magbalangkas ng patakaran para sa napananatiling populasyon na may layon tulad ng sumusunod:**

Para bumuo at mag-alaga ng isang populasyon na patuloy na susuporta at tutukoy sa pagpapaunlad ng sosyong pang-ekonomiya sa Hong Kong bilang isang gamundong siyudad sa Asia, upang magbunga ng isang lipunan na may pagkakaisa at pagsasamahan, nagpapahintulot sa bawa't indibiduwal na matanto ang kanilang kakayahan, at may pananaw na makamit ang de-kalidad na buhay para sa mga residente at pamilya.

## Lokal na Lakas-tao



### Dami

Kailangan nating dagdagan ang laki ng pwersa sa paggawa sa pamamagitan ng –

- ipakita ang kakayahan ng mga maybahay at mga taong maagang nagretiro: at
- paunlarin ang lipunang may pagkakaisa at pagsasamahan at tanggalin ang mga hadlang upang mabilis na mahikayat ang mga tao na magtrabaho anuman ang kanilang karanasan.

### Kalidad

Dapat nating pataasin ang kalidad ng ating lakas-tao at bawasan ang maling pagtutugma sa mga kakayahan. Kailangan nating –

- pagiba-ibahin ang ating pang-ekonomiyang batayan para madagdagan ang iba't-iba uri ng trabaho
- dagdagan ang edukasyon at pagsasanay para makasigurado na ang kabataan ay may tamang kakayahan
- ibalik ang kahalagahan ng bokasyonal na edukasyon kapalit ng paghahangad ng tradisyonal na edukasyong pang-akademya
- isulong ang patuloy na pag-aaral.

Ano ang mga mabisang hakbang para mahikayat magtrabaho ang mga maybahay at mga taong maagang nagretiro?

Paano maipapakita ang kakayahan ng mga bagong dating, mga taong may mga kapansanan at mga etnikong minorya sa pamamagitan ng edukasyon, pagsasanay at trabaho?

Paano ihahanay sa pangangailangan ng mga employers ang mga nagtapos lamang ng sekundaryong edukasyon?

Paano pupukawin ang interes sa edukasyong bokasyonal at isulong ang patuloy na pag-aaral?

## Bagong Pinagmumulan ng Lakas-tao



### Pandaigdigang Kumpetisyon Para sa Talento

Ang mga siyudad sa buong mundo ay nagsisikap na makaakit ng talento para makadagdag sa halaga ng kanilang ekonomiya. Hindi makakaya ng Hong Kong na maiwan sa pandaigdigang labanan ng talento. Para manatiling nasa kumpetisyon, ang Hong Kong ay kailangang magkaroon ng kanyang sariling reserbang tao sa pamamagitan ng pagkuha ng talento mula sa labas ng bansa.

### Pauwiin ang mga Tao ng Hong Kong

Pilitin nating manghikayat ng mga imigrante at ng kanilang mga anak na bumalik sa Hong Kong. Kailangan din nating gawing isang kaakit-akit na lugar ang Hong Kong para sa mga talento sa buong mundo upang dito na sila manirahan.

### Matulunging Kamay Mula sa Labas

Ilang industriya ang may kinakaharap na kakapusan sa lakas-tao. Kailangan nating isa-alang alang kung paanong magiging mabisa ang sistema ng pag-angkat ng bisig paggawa para matugunan ang pangangailangan ng ating ekonomiya at nagbabagong populasyon.

Kailangan ba nating gamitin ang estratehiya "hinahanap ka namin " at marami pang nakatarget na diskarte sa pagtanggap ng talento?

Paano maipahahatid sa mga imigrante at sa kanilang mga anak at hikayatin silang bumalik ng Hong Kong?

Paano magiging mabisa ang sistema ng pag-angkat ng bisig paggawa na hindi manganganib ang kapakanan ng lokal na manggagawa?